

WORD

“Pero alalahanin ninyo na ang Panginoon na inyong Diyos ang siyang nagbigay sa inyo ng kakayahang maging mayaman, at ginawa niya ito para matupad niyaang kasunduan niya sa inyong mga ninuno, katulad ng ginawa niya ngayon.” DEUTERONOMIO 8:18

Bago dinala ng Diyos ang Kanyang mamamayan sa Lupang Ipinangako, sila ay Kanyang pinangakuan ng pagpapala. At kasabay ng mga pangakong ito, binigyan din Niya sila ng mga babala at mga bagay na dapat nilang pagkaingatang gawin. Pinaalalahanan Niya sila na ang mga pagpapala, kayamanan, at tagumpay ay sa Kanya lahat nagmumula. Sa gayong paraan, tayo bilang mga anak ng Diyos ay Kanya ring pagpapalain. Iyan ay may buong katiyakan. Subalit dapat nating tandaan na sa gitna ng mga pagpapala ay dapat nating itaas ang Kanyang karangalan dahil ang kakayanan na gumawa ng mga bagay na ating ikayayaman ay sa Kanya nagmumula at isang pagpapatunay ng kasunduan sa pagitan Niya at ng kanyang mamamayan. Dapat nating iton ang ating tingin sa kapangyarihan ng Diyos at hindi sa ating kakayanan o sa anumang bagay. Sa araling ito, ating tukuyin ang tatlo sa mga utos at babala ng Diyos sa Kanyang mamamayan patungkol sa o kapangyarihan kakayanan ng mga biyaya.

1 Mag-ingat sa makapangyarihang yaman.

¹¹“Ingatan ninyong huwag makalimutan ang Panginoon na inyong Diyos at huwag ninyong susuwayin ang kanyang mga utos at mga tuntunin na ibinigay ko sa inyo sa araw na ito. ¹²Kapag nakakain na kayo at nangabusog, at kapag nakapagpatayo na kayo ng maaayos na matitirhan, ¹³at dumami na ang inyong mga hayop, pilak, ginto at mga ari-arian, ¹⁴siguraduhin ninyong hindi kayo magyayabang at lilimot sa Panginoon na inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto kung saan kayo inalipin.” DEUTERONOMIO 8:11-14

Kapag napasa-atin na ang nag-uumapaw na pagpapala ng Diyos at nakapag-impok na tayo ng mga ari-arian, dapat tayong mag-ingat na hindi ito ang magiging dahilan ng ating kaligayahan o katatagan. Ang mga bagay na ito ay may kakayanan na hilahin tayo palayo sa ating Diyos hanggan sa tuluyan na natin Siyang makalimutan. Sa iyong palagay, bakit sinabi ni Jesus na magiging napakahirap para sa isang mayamang tao ang makapasok sa kaharian ng langit? Ano ang sinasabi ng Bibliya ukol sa dapat nating pananaw at pag-uugali tungkol sa materyal na mga pag-aari?

2 Mag-ingat sa pagyayabang.

“Baka sabihin ninyo sa inyong mga sarili, ‘Sa pamamagitan ng sarili kong kakayahan at lakas, naging akin ang lahat ng kayamananang ito.’” DEUTERONOMIO 8:17

Ang Diyos ay naging tapat sa mga Israelita sa pamamagitan ng pagtubos at pag-akay sa kanila at hindi nila magagawa ang maging malaya o makatanggap ng mga biyaya sa kanilang pansariling kakayanan. Kailangan silang bigyan ng Diyos ng babala laban sa kayabangan at sa pag-iisip na kaya nilang lumikha ng sarili nilang yaman at pagpapala. Ang kaisipan na tayo ang pagmumulan ng kayamanan at hindi natin kailangan ang Diyos ay mapanganib—ito ay isang kasalanan. Sa iyong palagay bakit sinabi ng Diyos na tayo ay dapat mag-ingat sa ganitong uri ng pag-iisip? Paano mo mapangangalagaan ang iyong sarili sa kayabangan?

3 Alalahanin ang Diyos.

“Pero alalahanin ninyo na ang Panginoon na inyong Diyos ang siyang nagbigay sa inyo ng kakayahang maging mayaman, at ginawa niya ito para matupad niya ang kasunduan niya sa inyong mga ninuno, katulad ng ginawa niya ngayon.” DEUTERONOMIO 8:18

Ang Diyos ang pinagmulan ng lahat ng ating abilidad, talento, kakayanan, at yaman. Siya ang ating dakilang lumikha, Siya ang ating Tagatubos, at Siya ang ating pinakamahalagang gantimpala. Samakatwid, dapat nating Siyang alalahanin at kilalanin—ibigay sa Kanya ang lahat ng nararapat sa Kanya. Siya, ang pinagmumulan ng lahat ng uri ng biyaya, ang dapat nating sambahin at hindi ang mga biyaya na Kanyang ipinagkaloob sa atin. Ating mahalin ang nagbibigay at tumutupad sa mga pangako nang higit pa sa mga pangakong Kanyang tinupad. Natutunan mo na ba na alalahanin, kilalanin, at pahalagahan ang Diyos sa bawat araw na lumilipas sa iyong buhay?